PULO[*]
ni J. Dennis C. Teodosio

"Bumabalik, bumabalik ang alon
Upang angkinin
Ang akala'y naiwan at di mawawalang bakas.
Bumabalik itong hindi na ito;
Bumabalik sa pangarap na pasigan
Na hindi makilala kapag naratnan
Sa salimuot ng nakaraan at kasalukuyan."

-**VIRGILIO S. ALMARIO**
Sa Baybayin

---

1. EXT. DAGAT. MADALING-ARAW.

Tila walang katapusan ang kalawakan ng dagat. Nagmamadali ang isang batel o lantsang pangisda. Walang habas nitong hinahati ang mga alon kahit garalgal na ang andar ng motor. Umaandap na ang mga bomilyang nagbibigay liwanag sa paglalakbay na iyon. Sa paningin ng mga sakay nito, alam nating malayong-malayo pa ang patutunguhan nila.

2. CREDITS ROLL

3. MONTAGE

Magtatagni-tagni ang mga sumusunod na parang mga binabalikang lumang larawan o mga limot na alaalang pilit ginugunita:

a. Rumaragasa, halos paulit-ulit, walang kapagurang sumasalpok ang mga alon sa nilulumot na batuhan;

b. Sa dalampasigan, nakakalat ang mga labi ng isang gutay-gutay na lambat at tila mga palamuting nakaabang ang mga basag na kabibe't koral; kinakalawang naman ang mga tiyan ng nakahimpil na mga bangka;

---

[*] *Ikalawang Gantimpala, Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature DulangPangtelebisyon – Dibisyon sa Filipino Sa Pagtataguyod ng Don Carlos Palanca Foundation, Inc. Ika-30 ng Abril, 2006*

c. Sa silangan, nagbabanta na ang pagsabog ng ginintuang liwanag;

d. Isang batang babae, nasa 2-3 taong gulang, ang nakahubad na hahangos sa dalampasigan at tuwang-tuwang sasalubong sa mga alon. Babakas ang mga yapak niya sa nahihimbing pang pinong buhangin.

FAST CUT TO:

4. EXT. DAGAT. UMAGA.

Mula sa batel o lantsang pangisda, natatanaw na ang isang tila nahihimbing pang pulo. Papasikat na ang araw.

FAST CUT TO:

5. EXT. DAUNGAN. TANGHALI.

Tirik na tirik ang araw. Abala ang daungan. Sa nakahimpil na batel o lantsa, nag-uunahan sa pagbaba o pagdidiskarga ang mga pasahero.

Huling bababa si **ESMERALDA**, nasa 26 taong gulang. Maganda siya at mukhang mas bata sa totoo niyang edad. Ibang-iba ang bihis at asta niya sa mga tagaroon. Halatang tagalungsod. Aakalain nating dayo o bagong salta siya sa pulo.

Magkukumpulan ang ilan sa mga tagaroon. Magbubulungan at tila pilit kinikilala si ESMERALDA. Sa hula nila, hindi siya magtatagal doon. Kaunti lang kasi ang mga dala-dalahan niya.

Igagala ni ESMERALDA ang paningin.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Ito pa rin ang pulong pilit kong tinakasan...

Busilak ang buhangin. Hindi natin aakalaing may sibilisasyon sa pulong iyon. Madawag naman ang mga punong kinakanlo ng mga burol at batuhan. Sa kapatagan, gawa sa pawid o sawali o kawayan ang mga kabahayan. Halos mabuway na ang mga iyon. Parang ilang bagyo na ang dinanas.

May mga ilang babaeng abala sa pagbibilad ng mga isda. May mga naghahabi rin ng lambat. May mga batang naghahabulan o nagbabangayan. Parang walang alam na mga suliranin sa buhay.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Nabubuhay pa rin sila rito --- na parang walang ibang mundo...

Halos sunog sa araw ang balat ng mga tagaroon. Kakaiba sa kulay ni ESMERALDA. Sa pananamit nila, alam nating nabubuhay lang sa pangingisda ang mga tagaroon. At kung mga bagong salta, sakay ang mga iyon ng mga dumadaong na lantsa o barko.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Hindi ko yata kayang bumalik sa mundong minsan kong pilit tinakasan...

Tatalikod si ESMERALDA, tatanawin ang nakadaong na batel o lantsa. Mauulinigan niyang nagtatawag na muli ng mga pasahero. Pero bago pa siya makapagpasya, may maririning siyang tawag. Pamilyar ang tinig.

TIYA MINA
ESMERALDA?...

Lilingunin ni ESMERALDA ang tumawag. Si **TIYA MINA**, nasa 45 taong gulang. Tiyahin ni ESMERALDA. Nakababatang kapatid ng ina niya.

ESMERALDA
T'yang?...

Labis na galak ang ibabati nila sa isa't isa. May pananabik rin ang pagyayakap nila.

TIYA MINA
Salamat at bumalik ka...

FAST CUT TO:

6. <u>INT. BAHAY NINA ESMERALDA. TANGHALI/SAME DAY.</u>

Aawit si **ESTER** ng “Happy Birthday.” Dala niya ang isang bibingka. Maganda siya at dalagang-dalaga na kung titingnan.

Magugulat si **NANAY LUPE**. Nasa kusina siya. Naghuhugas ng mga pinggan. Nasa 50 taong gulang. Mas matanda siyang tingnan sa totoo niyang edad.

ESTER
Ilang taon ka na?

NANAY LUPE
Matanda na... Inuugat na...

ESTER
Kayo talaga, masyadong malihim...

NANAY LUPE
‘Di importante ang edad... Ang mas mahalaga, ang pinagkatandaan...

Aabutin ni NANAY LUPE ang bibingkasng dala ni ESTER. Aamuyin niya iyon. Tila masarap.

NANAY LUPE
Nag-abala ka pa?...

ESTER
(Ngingiti.)
Wala yan... Kayo naman... Matagal na rin naman akong di nakakapagluto n’yan...

NANAY LUPE
Salamat...

Ipapatong ni NANAY LUPE ang bibingka sa mesa. Kukuha siya ng kutsilyo at hahatiin iyon.

ESTER
Akala ko nga, nakalimutan ko nang gumawa n’yan...

NANAY LUPE
Bakit naman?...

ESTER
Si Tatay kasi, kuntento na sa de lata at sa lapad...

Mapapiling si NANAY LUPE. Tila sumasang-ayon sa sinabi ng kausap.

ESTER
Buti na lang bertdey mo... Dapat me espesyal... Kaya eto...

Pigil ang magiging pagngiti ni NANAY LUPE.

ESTER
Ay, teka, NANAY LUPE, dapat pala may kandila... Tama, kandila... Dapat may hiling ka...

NANAY LUPE
'Wag na... Wala namang ---
(Matitigilan.)
W-wala na akong hihilingin pa...

Patlang. Saglit pa, tatabi si ESTER kay NANAY LUPE. Pipisilin niya ang balikat nito. Mapapabuntonghininga naman si NANAY LUPE.

Hindi nila mamalayan na nakatayo na pala sa may pintuan sina ESMERALDA at TIYA MINA at kanina pa nagmamasid sa mga nangyayari.

ESMERALDA
Happy birthday, Nanay...

Lilingon si NANAY LUPE. Hindi siya makapaniwalang naroroon nga si ESMERALDA.

Kapwa nila pipigilan ang totoong nararamdaman.

Para kay ESMERALDA, lubhang pinatanda ng panahon si NANAY LUPE. Humpak na ang mga pisngi nito. May mga puti na buhok niya. Payat ang pangangatawan.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Hindi ko na alam ang kahulugan ng yakap. Ang init ng pagmamahal ng isang ina...Siguro, pinamanhid na ako ng Maynila...

May kumukurot sa dibdib ko, pero mas madali yatang umastang bato...

Hindi naman matatagalang tingnan ni NANAY LUPE ang anak.

Si TIYA MINA ang babasag sa katahimikang mamamagitan.

TIYA MINA
Nakita ko siya sa daungan...

Tatango si ESMERALDA.

TIYA MINA
Umuwi siya dahil kaarawan mo...

Tatalikod si NANAY LUPE. Babalikan ang mga hinuhugasan sa lababo.

NANAY LUPE
Dapat ko bang ipagpasalamat yon?...

TIYA MINA
(Kay NANA LUPE.)
Ate, naman...

Lalapit si ESMERALDA kay NANA LUPE para magmano.

Iiwas si NANAY LUPE sa anak.

NANAY LUPE
Walang ginalaw sa silid mo...

Lilingunin ni ESMERALDA ang silid na tinuturing ni NANAY LUPE.

NANAY LUPE
Pumasok ka na roon --- kung gusto mong magpahinga... Alam kong matagtag ang biyahe...

Mangingilid ang luha ni NANAY LUPE pero ikukubli niya iyon.

NANAY LUPE
Maghahanda ako ng makakain...

Magpapakilala si ESTER kay ESMERALDA.

ESTER
Ako si ESTER... D'yan kami nakatira sa tabi...

Pagmamasdan ni ESMERALDA si ESTER. Nasa 16 taong gulang ang dalagita. Maamo ang mukha nito.

Kakamayan ni ESMERALDA si ESTER.

ESMERALDA
Ako si ESMERALDA...

ESTER
ESMERALDA?... Ikaw ang anak ni NANAY LUPE?... Ang ganda-ganda mo pala... Ibang-iba sa mga piktyur... Alam mo, madalas ka naming pinag-uusapan ni NANAY LUPE...

Bahagyang mapapangiti si ESMERALDA. Ikinatuwa niya ang narinig kay ESTER. Matatapos naman ni NANAY LUPE ang paghuhugas.

NANAY LUPE
Umuwi ka na ESTER... Baka hinahanap ka na ng tatay mo...

ESTER
Nasa pondahan si Tatay... Hapon pa 'yon uuwi...

NANAY LUPE
Asikasuhin mo na ang mga daing habang may araw pa...

ESTER
Kababaliktad ko lang, a...

ESMERALDA
Sige umuwi ka na muna, ESTER...

Buntonghininga.

ESMERALDA
Saka na lang tayo magkwentuhan...

Ngingiti at tatango si ESTER.

ESMERALDA
Pagod kasi ako sa b'yahe... Gusto ko na ring magpahinga...

NANAY LUPE
Mahirap talaga ang bumalik pauwi...

FAST CUT TO:

7. <u>INT. BAHAY NINA ESMERALDA. TANGHALI/SAME DAY.</u>

Kinikilala ni ESMERALDA ang silid niya. Masinop ang ayos ng mga gamit. Sa lumang tokador, nakapatong ang larawan niya sa kuwadro. Mga nasa 16 taong gulang siya roon.

Kukunin ni ESMERALDA ang kuwadro. Saglit niya iyong pagmamasdan. Dadaloy ang luha niya. Hindi niya papahirin iyon. Ibubuhos lang niya ang bigat ng nararamdaman.

Hihiga si ESMERALDA sa papag. Muling dadantay ang likuran niya sa kinasanayang tigas ng kawayan. Tuluyan siyang pipikit at yayakapin ang sarili.

FAST CUT TO:

8. <u>EXT. BAHAY NINA ESMERALDA. TANGHALI/SAME DAY.</u>

Nagsasalansan ng mga daing sa bakuran nila si NANAY LUPE, kausap si TIYA MINA.

TIYA MINA
Bumalik na ang anak mo...

Hindi kikibo si NANAY LUPE.

TIYA MINA
Hindi ka ba natutuwa?...

NANAY LUPE
Bumalik siya para umalis ulit...

TIYA MINA

Kausapin mo...

NANAY LUPE
Bakit pa?... May sarili na siyang pag-iisip... Hindi ko siya napigilan noon, pa'no pa ngayon?...

TIYA MINA
Gusto mo bang umalis siya ulit?...

NANAY LUPE
Noong umalis siya, natanggap ko nang hindi ko na hawak ang buhay niya... Bahala na siya...

TIYA MINA
Pa'no ka?...

NANAY LUPE
Ako ang nagluwal sa kan'ya... Ako ang mag-isang nagpalaki sa kan'ya... Kaya kong mabuhay... Kahit mag-isa...

TIYA MINA
Bakit ka ba nagmamatigas?...

NANAY LUPE
Sa pagmamatigas ako ang lumalakas...

FAST CUT TO:

9. <u>INT. BAHAY SA PULO. GABI.</u>

Isang babae ang nanganganak. Hirap na hirap siya sa pag-iri. Si TIYA MINA ang nagpapa-anak sa babae. Katuwang niya si **BARBARA**, nasa 21 taong gulang. Tuon siya sa ginagawa nila.

Dahil walang kuryente sa pulo, ang liwanag lamang sa gasera ang tanglaw sa kabuuan ng bahay.

TIYA MINA
Umiri ka pa... Iri pa... Malapit na...

Iiri muli ang babae. Hirap na hirap. Gamungo ang pawis niya. Saglit pa, mahuhugot na ni TIYA MINA palabas ang sanggol.

Aantabay si BARBARA. Hawak niya ang lampin para sa sanggol.

Malakas na aatungal ang sanggol matapos tampalin ni TIYA MINA ang puwitan nito.

Lalagutin ni TIYA MINA ang pusod na nagdurugtong sa babae at sa sanggol. Saglit pa, ibabalot na niya ng lampin ang sanggol.

Sisimulang iligpit ni BARBARA ang mga gamit.

Nag-uumapaw ang kagalakan ng babae nang ilagay ni TIYA MINA sa tabi niya ang sanggol.

TIYA MINA
Palakihin mo ng tama ang panganay mo...

Tatango ang babae. Paulit-ulit.

FAST CUT TO:

Paalis na sina TIYA MINA at BARBARA sa bahay ng babaeng nanganak. Aabutan siya ng singkwenta pesos ng asawa ng babae.

LALAKI
Pasens'ya na... Wala pang b'yahe, e... Kapag pumalaot kami sa susunod na araw, baka makapag-abot ako ng dagdag...

TIYA MINA
'Wag na... Tama na 'to...

Iaabot ni TIYA MINA ang pera kay BARBARA. Kukunin nito ang pera.

FAST CUT TO:

10. <u>INT. BAHAY NI ESMERALDA. GABI/SAME DAY.</u>

Kakain na ang mag-ina. Kanin at daing ang nakahain.

May nakasinding kandila. Aandap-andap ang ningas niyon. Ipinapakita ang mga anino ng mag-ina.

NANAY LUPE
Wala na akong iba pang maihahanda...

ESMERALDA
Ang sarap ng daing...

NANAY LUPE
Kelan ka pa nasarapan sa daing?...

Katahimikan saglit.

ESMERALDA
Nakakasabik lang...

NANAY LUPE
Maalat pa rin ‘yan... Walang pinagbago...

Susubo na si NANAY LUPE. Nakakamay lang. Mapapansin niyang nakamasid lang sa kanya si ESMERALDA.

NANAY LUPE
Kumain ka na...

Kiming kukunin ni ESMERALDA ang isang piraso ng daing.

NANAY LUPE
Kung hindi ka sanay magkamay, magtiis ka... Wala tayong kubyertos... Hindi ‘to Maynila...

FAST CUT TO:

Matatapos na sa paghuhugas ng mga pinggan si NANAY LUPE. Mapupuna niyang nakaantabay pala si ESMERALDA. Dala nito ang isang maliit na regalo.

ESMERALDA
Para sa inyo...

Hindi kikibo si NANAY LUPE. Mapapabuntonghininga lang siya.

ESMERALDA
Sige na, Nanay... Para sa kaarawan mo...

Aabutin ni NANAY LUPE ang regalo.

ESMERALDA
Buksan mo...

Hindi na naman iimik si NANAY LUPE. Nakamasid lang sa tinanggap na regalo.

ESMERALDA
Buksan mo na... Sana magustuhan mo...

NANAY LUPE
Saka na... Magpahinga ka na...

Lalapit si ESMERALDA sa ina. Aaakmang hahalik.

ESMERALDA
Happy birthday, Nanay...

Iiwas si NANAY LUPE.

NANAY LUPE
Mabaho ako... Amoy araw... Amoy pulo...

FAST CUT TO:

Nag-iisa na lang sa kusina si NANAY LUPE. Hawak niya ang regalo ni ESMERALDA. Hind pa rin niya binubuksan iyon.

FAST CUT TO:

Nasa silid niya si NANAY LUPE. Nakapanikluhod siya sa harap ng isang lumang baul. Ipapatong niya ang regalo sa ibabaw noon. Malalaman nating tahimik siyang humagulgol.

FAST CUT TO:

Namimilipit sa sakit ng sikmura si NANAY LUPE. Halos hindi siya makahinga. Hindi siya makagawa ng ingat. Ayaw niya marahil na marinig siya ni ESMERALDA.

FAST CUT TO:

Nasa silid niya si ESMERALDA. Bubuksan niya ang dalang maleta. Ilalabas niya mula roon ang isang kahon. Laman noon ang ilang magagandang sigay at maliliit na kabibe.

Ikakalat ni ESMERALDA ang sigay at kabibe sa papag. Saglit niyang pagmamasdan ang mga iyon.

FAST CUT TO:

11. <u>FLASHBACK</u>

Nasa dalampasigan si ESMERALDA, nasa 10 gulang. Tuwang-tuwa siyang namumulot ng mga sigay at kabibe sa dalampasigan.

Sa may hindi kalayuan, nakangiting nakatanaw si NANAY LUPE.

ESMERALDA
Nanay, ang gaganda ng sigay!... Ang gaganda ng kabibe!...

Puspos ng ligaya ang ngiti ni ESMERALDA.

Tatayo si ESMERALDA at haharapin ang dagat at aanyong magpapasasa sa pag-uunahan ng mga alon sa kaniyang paanan. Mabining-mabini ang paglayo at pagbalik ng mga alon sa dalampasigan.

FAST CUT TO:

12. <u>EXT./INT. BAHAY NINA ESMERALDA. UMAGA.</u>

Magiging busilak na ulap ang mga alon sa Sequence 11.

Dudungaw sa bintana ng silid niya si ESMERALDA.

Sa labas, nag-uunahan ang mga batang salubungin ang mga alon sa dalampasigan.

FAST CUT TO:

Nagkukumpulan ang mga kapitbahay sa bahay nila NANAY LUPE.

KAPITBAHAY 1
Anong tarbaho niya sa Menila?...

KAPITBAHAY 2
T'yak, dyakpat 'yan!...

KAPITBAHAY
E, 'di ba nga, mukhang big taym na si ESMERALDA?...

NANAY LUPE
Kayo talaga... Ang aga-aga, e, buhay ng ibang tao
ang pinagdidiskitahan n'yo...

KAPITBAHAY 1
Si Aling LUPE naman, 'di na kayo nasanay...

KAPITBAHAY 2
Ano pa ba ang magiging libangan natin?...

KAPITBAHAY 3
E, 'di tsismis!... Ang sarap yatang masayaran ng balita
ang mga nangangating dila...

NANAY LUPE
Tigilan na nga n'yo kami...

KAPITBAHAY 3
E, na'san nga ba si ESMERALDA n'yo?...

Bago pa man makasagot si NANAY LUPE, lalabas si ESMERALDA sa silid niya.

Naka-duster si ESMERALDA. Pero sosyal pa rin siyang tingnan. Parang sa Rustan's nabili ang duster niya.

Hanga ang lahat.

ESMERALDA
Kamusta na kayo?...

KAPITBAHAY 2
ESMERALDA, ikaw ba 'yan?...

Tatango si ESMERALDA.

KAPITBAHAY 1

D'yos ko po!... Ang ganda mo... Para kang model sa kalendaryo... Siguro mayaman ka na...

KAPITBAHAY 3
Kukunin mo na ba ang nanay mo?

Nakakaasiwa ang katahimikang mamamagitan.

NANAY LUPE
Umalis na muna kayo... Magbibilad pa ako ng mga daing... Nakakaabala na kayo...

KAPITBAHAY 3
(Kay ESMERALDA.)
Maganda ba ang Menila?...

Tatango si ESMERALDA.

KAPITBAHAY 3
Naku, maganda raw ang Menila?... Buti ka pa nakarating na roon... Kami yata, talagang dito na lang uugatin...

Hahagalpak ng tawa ang lahat maliban kay NANAY LUPE.

NANAY LUPE
Tanghali na... Umuwi na kayo...

FAST CUT TO:

13. <u>INT. BAHAY NI TIYA MINA. UMAGA/SAME DAY.</u>

Maabutan ni ESMERALDA na kausap ni TIYA MINA si BARBARA. Hindi siya kikibo. Makikinig lang siya sa pag-uusap.

BARBARA
Kaunti na lang, tama na ang naipon ko...

TIYA MINA
Pa'no kayo ni GABRIEL?...

BARBARA
Lalaki lang s'ya...

TIYA MINA
Akala ko ba mahal mo s'ya?...

BARBARA
Madaling kalimutan ang pagmamahal...

Tatahimik si TIYA MINA. Halatang tinamaan siya sa sinabi ni BARBARA.

BARBARA
Magka-iba tayo...

Magkikibit-balikat si TIYA MINA.

TIYA MINA
Pa'no ang pamilya mo?...

BARBARA
Hindi rito ang buhay ko...

TIYA MINA
Sino ang aasahan ng mga kapatid mo?...

BARBARA
Babalikan ko sila kapag kaya ko na...

TIYA MINA
Walang kasiguruhan ang buhay sa Maynila...

BARBARA
Mas mabuti ang makipagsapalaran kaysa naman magtiyaga lang dito...

TIYA MINA
Mas may katiyakan ang pamumuhay rito...

BARBARA
Ayoko nang magtiis...

Katahimikan.

BARBARA
Hindi dito ang buhay na pinangarap ko...

TIYA MINA
'Wag mong sisihin ang ama mo...

BARBARA
Bakit hindi?... Ako ba ang nakadispalko ng pera?... Ako ba ang nagtatago?...

TIYA MINA
Nagawa lang iyon ng ama n'yo dahil sa inyo...

BARBARA
At anong napala namin?...

Mapapansin ni TIYA MINA si ESMERALDA.

TIYA MINA
(Kay ESMERALDA.)
Kanina ka pa d'yan?...

Iiling lang si ESMERALDA.

TIYA MINA
(Kay ESMERALDA.)
Si BARBARA... Katuwang ko sa pangongomadrona...

Kakamayan ni ESMERALDA si BARBARA.

TIYA MINA
(Kay BARBARA.)
Si ESMERALDA... Pamangkin ko...

Ngingitian ni BARBARA si ESMERALDA.

BARBARA
Ikaw ba 'yong naglayas at nagpunta sa Maynila?...

Tatango si ESMERALDA.

BARBARA

Bakit ka pa bumalik?...

TIYA MINA
Ano ka ba, BARBARA?

ESMERALDA
(Kay BARBARA.)
Walang masama kung bumalik ako...

BARBARA
Ako, buo na ang loob ko... Pupunta ako ng Maynila At di na babalik dito... Kahit kalian...

ESMERALDA
Pa'no ang pamilya mo?...

BARBARA
Susunod sila sa akin...

ESMERALDA
E, kung ayaw nila...

BARBARA
Desisyon nila 'yon... Kung ayaw nila,
magkan'ya-kan'ya na lang kami...

ESMERALDA
Madaling sabihin 'yan...

BARBARA
Kaya ka ba bumalik dahil sa nanay mo?...

Patlang.

TIYA MINA
(Kay ESMERALDA.)
Gusto mong mamasyal?...

FAST CUT TO:

14. <u>EXT. DAUNGAN. TANGHALI/SAME DAY.</u>

Nakaupo sina ESMERALDA at TIYA MINA sa isang malaking bato.

Kapwa sila nakatanaw sa dagat.

May mga batang naglalaro malapit sa kanila.

TIYA MINA
Kamusta ka na?...

ESMERALDA
Mabuti... M-mabuti siguro...

TIYA MINA
May asawa ka na ba?...

Hindi sasagot si ESMERALDA.

TIYA MINA
Kukunin mo ba ang nanay mo?...

ESMERALDA
Sana...

TIYA MINA
Pabayaan mo na ang nanay mo rito...

ESMERALDA
May ibang buhay sa labas ng pulong ito...

TIYA MINA
Dito lang ang buhay niya...

Patlang.

ESMERALDA
Binago ka na rin ng pulong ito...

Patlang ulit.

ESMERALDA
Ikaw ang nagsabi sa akin ng tungkol sa Maynila...Ikaw ang nagsabi sa akin na may ibang buhay bukod sa pulong ito... Ngayon, binabawi mong lahat...

TIYA MINA
Tumatanda tayo, ESMERALDA... Natuto...Nagbabago ang mga gusto sa buhay...Nagbabago ang mga pananaw...Nagbabago para makilala ang mga totoo nating sarili...

ESMERALDA
Mahal mo pa rin ba s'ya?...

TIYA MINA
Desisyon ko 'to... Ito ang pagbabagong pinili ko...

ESMERALDA
Kalimutan mo na s'ya... May asawa't mga anak na s'ya...

TIYA MINA
Pareho tayong matigas ang bungo... Hindi nakikinig sa katuwiran... Kapwa tayo may sariling pamantayan kung ano ang tama... Pamangkin nga kita...

Matatawa silang dalawa. Sa unang pagkakataon, mababasag ang paninibagong ibinunga ng matagal nilang hindi pagkikita. Ngayon, mas pamilyar na silang muli sa isa't isa.

TIYA MINA
Sampung taon na pala ang nakalipas...Parang kailan lang...

ESMERALDA
Mabilis ang panahon para sa mga taong alam ang gusto sa buhay...

TIYA MINA
Naaalala ko noong madalas kang magsumbong sa akin...Umiiyak ka dahil tinutukso ka nila...

ESMERALDA
Putok sa buho, sabi ng mga kalaro ko...

TIYA MINA
Oo nga, putok sa buho...

ESMERALDA

Sa Maynila, walang tumawag sa ‘kin ng gan’on...Putok sa buho... Sa Maynila, tinanggap nila ako --- bilang ako...

Patlang.

TIYA MINA
(Ituturo ang mga batang naglalaro.)
Nakikita mo ba sila?...

Tatango si ESMERALDA.

TIYA MINA
Ako ang nagluwal sa kanila... Ako ang unang nakarinig ng mga palahaw nila... Ako ang unang nakakita ng mga mukha nilang walang alam sa totoong buhay sa mundo... Matandang dalaga ako pero marami akong naging anak... Hindi man sila akin, minahal ko ng buong-buo...

Tatawagin ni TIYA MINA ang mga bata. Tatlo ang lalapit sa kanila.

BATA 1
Ba’t po T’ya MINA?

TIYA MINA
Sino nga ba ang tatay mo?...

BATA 1
Taga-lantsa po, sabi ng nanay ko...

TIYA MINA
Lantsa?...

BATA 1
Opo, ‘yong maliit na barko... ‘Yong pangisda po...

TIYA MINA
E, nasaan ang tatay mo?...

BATA 1
Hindi ko po alam...

TIYA MINA

Bakit di mo alam?...

BATA 1
Hindi ko pa po siya nakikita...

Walang galit sa mukha ng BATA 1.

BATA 2
Ang tatay ko rin taga-lantsa...

BATA 3
Ako rin yata...

BATA 2
Pero ako nakita ko na ang tatay ko...

TIYA MINA
Talaga?...

BATA 2
Opo, di nga lang s'ya makatira rito kasi meron daw s'yang ibang asawa...

BATA 3
Kami naman, dinadalaw lang...

TIYA MINA
Galit ba kayo sa mga tatay n'yo?...

Patlang.

BATA 1
Ba't po kami magagalit?...

Mangingilid ang luha ni ESMERALDA.

TIYA MINA
E, sa mga nanay n'yo?...

BATA 2
Mahal na mahal ko po si Nanay... Hindi ko po s'ya iiwan...Isinasama nga po ako ni Tatay, e... Pero ayoko talaga...

BATA 3
Ako rin mahal ko si Nanay kahit puro daing lang ang ulam namin...

BATA 1
Bakit?... Masarap naman ang daing, a...

Tatayo si ESMERALDA. Pupunta siya sa dalampasigan. Lingid kay TIYA MINA, tuluyang dadaloy ang luha ni ESMERALDA. Babalik naman ang mga bata sa paglalaro. Sa mga halakhak nila, parang napakasaya ng buhay.

FAST CUT TO:

15. <u>INT. BAHAY NINA ESMERALDA. HATINGGABI.</u>

Magigising si ESMERALDA. Mauulinigan niya ang impit na daing ng ina. Makikita niya si NANAY LUPE na namamaluktot sa sakit ng sikmura.

ESMERALDA
Nanay, anong masakit sa inyo?...

Titiisin ni NANAY LUPE ang sakit hanggang sa maiyak na lang siya. Yayakapin siya ni ESMERALDA.

Sa kalaliman ng gabi, ang pagmamahal ng anak na matagal na nawalay ang naging karamay ni NANA LUPE.

FAST CUT TO:

Nahihimbing na si NANA LUPE. Katabi niya si ESMERALDA na nakamasid lang. Mababakas natin ang habag ni ESMERALDA sa ina.

FAST CUT TO:

16. <u>EXT. BAHAY NINA ESMERALDA. UMAGA.</u>

Maabutan ni ESMERALDA si ESTER na nagsasalansan ng mga daing sa bakuran nila.

ESMERALDA
Nakita mo ang nanay?...

ESTER
Nasa sementeryo siguro...

ESMERALDA
Sementeryo?...

ESTER
Naglilinis ng puntod... Tuwing Linggo, gano'n ang ginagawa niya...

ESMERALDA
P-puntod?...

Parang hindi narinig ni ESTER ang huling sinabi ni ESMERALDA.

ESTER
Magtatagal ka ba rito?...

ESMERALDA
Hindi ko alam...

ESTER
Isasama mo na ba si NANAY LUPE?...

ESMERALDA
Ewan... Baka... Hindi ko alam...

Titingnan ni ESTER si ESMERALDA.

ESTER
Tama si NANAY LUPE, napakaganda ng mga mata mo...

ESMERALDA
Salamat...

ESTER
Kaya pala ESMERALDA ang ipinangalan niya sa 'yo...

Kimi ang ngiti ni ESMERALDA.

ESTER
Mahal na mahal ka ni NANAY LUPE...

ESMERALDA
Sinasabi niya sa 'yo?...

ESTER
Alam ko lang...

ESMERALDA
Bakit?...

Patlang.

ESTER
Basta... Sana nga, s'ya na lang ang naging nanay ko...

ESMERALDA
Nasaan ang nanay mo?...

ESTER
Sumama sa ibang lalaki...

Patlang na naman. Mas matagal.

ESMERALDA
Ikaw ang anak ni Aling MARING?...

Tatango si ESTER.

Aanyong mag-iisip si ESMERALDA.

ESTER
Wala namang 'di nakakaalam no'n. 'di ba?...

Walang sama ng loob sa tinig ni ESTER.

Hindi makakasagot si ESMERALDA.

ESTER
Ako 'yong batang laging kinakarga ni NANAY LUPE kapag nagmamarkulyo...

ESMERALDA
Ikaw 'yon?... Dalagang-dalaga ka na pala...

Tatango ulit si ESTER.

ESTER
At gustong-gusto ko nang mag-asawa...

ESMERALDA
Bata ka pa...

ESTER
Disesais...

ESMERALDA
Batang-bata pa...

ESTER
May nobyo na ako... Niyayaya ‘kong magpakasal...

ESMERALDA
Talaga?... Taga-pulo?...

Patlang.

ESTER
Taga-lantsa...

FAST CUT TO:

17. <u>INT. BAHAY NIYA TIYA MINA. TANGHALI/SAME DAY.</u>

Kaulayaw ni BARBARA si **GABRIEL**, nasa 22 taong gulang. Mabikas ang lalaki, matipuno, at halatang taga-pulo. Kapwa sila mapusok at darang na darang.

Maririnig nila ang pagkatok ni ESMERALDA. Matitigilan ang dalawa. Pipiliin nilang huwag sumagot hanggang sa umalis si ESMERALDA.

FAST CUT TO:

18. <u>EXT. SEMENTERYO. TANGHALI/SAME DAY.</u>

Katulad ng sinabi ni ESTER, nasa sementeryo nga si NANAY LUPE. Maabutan siya ni ESMERALDA na naglilinis ng isang puntod.

Sa kabuuan, alam nating napabayaan na ang sementeryo maliban sa puntod na pinangalagaan ni NANAY LUPE.

ESMERALDA
Sino ang nakalibing sa puntod na ‘yan?...

Hindi titigil si NANAY LUPE sa ginagawa.

NANAY LUPE
Wala pa...

ESMERALDA
Ba’t n’yo nililinis?...

NANAY LUPE
Gusto kong malinis ito kapag inilibing na ako rito...

Matitigilan si ESMERALDA. Hindi niya inaasahan ang narinig mula sa ina.

NANAY LUPE
Ayokong maging pabigat kaninuman...

Patlang.

ESMERALDA
Nanay, isasama kita sa Maynila...

Hindi sasagot si NANAY LUPE.

ESMERALDA
Bumalik ako rito para sa ‘yo...

Bubunutin ni NANAY LUPE ang isang kumpol ng damo.

NANAY LUPE
Ang mga damo talaga, ang bibilis tumubo...

ESMERALDA
Gusto kong maranasan mo ang buhay sa Maynila...

Ipapagpag ni NANAY LUPE ang nabunot na kumpol ng damo.

NANAY LUPE
Kaya pala madaling tumubo, e, dahil maugat...

ESMERALDA
Aalis na ako sa susunod na lingo...

Titigil sa ginagawa niya si NANAY LUPE.

NANAY LUPE
Umalis ka kung gusto mo... Wala akong magagawa...Hindi kita napigilan noon, lalo na siguro ngayon...

ESMERALDA
Umalis ako rito dahil sa mga pangarap ko...

NANAY LUPE
Inilayo ka ng mga pangarap mo sa 'kin... 'Wag mo nang impamukha sa 'kin...

Tataas ang kamera. Ipapakitang sa gitna ng sementeryo, ang mag-ina lamang ang may buhay.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Kung g'yera lang 'tong pag-uusap namin ni Nanay, tiyak lasug-lasog ako... Pati kaluluwa ko, mawawalan ng lakas... Kahit kahilan, hindi ko yata masasakop si Nanay...

FAST CUT TO:

19. <u>INT. BAHAY NINA ESMERALDA. GABI.</u>

Nakabukas ang maleta ni ESMERALDA. Hawak niya ang dalawang kuwadro. Ang isa, kuha noong nagtapos siya sa college. Ang isa, ang diploma niya business administration.

Saglit pa, ilalabas naman ni ESMERALDA ang wallet niya.
Mula sa wallet makikita natin ang larawan ng isang lalaki. Sa pagmalas niya sa larawan, sisilay ang lumbay sa mga mata niya.

FAST CUT TO:

Nakapanikluhod muli si NANAY LUPE sa harap ng lumang baul. Nakatitig lang siya sa regalo ni ESMERALDA na nakapatong pa rin sa ibabaw noon.

FAST CUT TO:

20. <u>INT. BAHAY NINA TIYA MINA. UMAGA.</u>

Kausap ni TIYA MINA si ESMERALDA.

ESMERALDA
Matigas siya...

TIYA MINA
Nasa lahi yata talaga natin ‘yan...

Ngingiti si ESMERALDA.

TIYA MINA
Tutuloy ka ba sa susunod na linggo?...

ESMERALDA
Sana...

TIYA MINA
Ituloy mo na ang buhay mo sa Maynila...P’wede mo naman kaming dalaw-dalawin dito...

ESMERALDA
Kahit ikaw, binilanggo na rin ng pulong ito...

Tatango si TIYA MINA.

TIYA MINA
Mas masarap maging bilanggo... Bawat araw, tiyak mo na ang mangyayari...

Yayakapin ni ESMERALDA si TIYA MINA.

Biglang bubukas ang pintuan.

Si BARBARA. Sumusuray. Hinang-hina. Dinudugo.

TIYA MINA
Anong nangyari sa ‘yo?...

Hindi sasagot si BARBARA. Pagmamasdan lang niya ang dugong umaagos pababa sa mga binti niya.

FAST CUT TO:

Nakahiga na si BARBARA. Pinupunasan siya ni TIYA MINA. Sa isang silya, nakaupo lang si ESMERALDA at nagmamasid.

TIYA MINA
Alam ba ni GABRIEL?...

Iiling si BARBARA.

TIYA MINA
Sasabihin ko...

BARBARA
Problema ko ‘to...

TIYA MINA
Dalawa kayong may kagagawan n’yan...

Iiwas ng tingin si BARBARA kay TIYA MINA.

BARBARA
Ako ang nabuntis, hindi s’ya... Kakayanin ko ‘to...

Pagbaling ni BARBARA, si ESMERALDA naman ang mapapalingan niya.

ESMERALDA
Alam mo ba ang pinapasok mo?...

BARBARA
Sa tingin mo tanga ako?...

TIYA MINA
BARBARA, ano ka ba?...

BARBARA
Malaki na ako...

(May galit sa tinig niya.)

Alam ko na ang tama para sa sarili ko...Hindi ako taga-pulo... Hindi ako pinanganak dito... Sa Maynila ako nagkaisip... Hindi ako katulad ninyo...

Katahimikan. Maiiyak si BARBARA, marahil sa galit, sa sama ng loob, sa hinanakit. Pipilitin niyang maging matigas pero hindi niya makakaya. Saglit pa, yayakap si BARBARA kay TIYA MINA at saka hahagulgol. Dadamay na rin si ESMERALDA.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Sa sandaling ito ng kahinaan, natutunan ko ang kakaibang lakas...Sa sandaling ito, hindi lamang kami mga babae...Higit sa lahat, mga tao kaming humihingi ng karamay.

FAST CUT TO:

21. EXT./INT. BAHAY NINA ESMERALDA. HATINGGABI.

Maalimpungatan si ESMERALDA. Dudungaw siya sa bintana. Sa dilim, maaaninag niya si ESTER. May kaniig iyong lalaki.

Makikita ni ESTER si ESMERALDA.

Saglit pa, aalis ang lalaki.

FAST CUT TO:

22. EXT. DALAMPASIGAN. HATINGGABI.

Nakaupo sa dalampasigan si ESMERALDA at ESTER. Kapwa sila nakatanaw na kadiliman at kalawakan ng dagat.

ESMERALDA
Mahal mo siya...

ESTER
Mahal na mahal...

ESMERALDA
Anong pangako n'ya?...

ESTER
Pakakasalan n'ya ako...

ESMERALDA
Naniniwala ka?...
ESTER
Mas mabuti ang magtiwala...

ESMERALDA
Hindi ka natatakot?...

ESTER
Saan?...

ESMERALDA
Baka lokohin ka n'ya...

ESTER
Hindi niya ako lolokohin...

ESMERALDA
Pa'no mo natiyak...

ESTER
Wala akong natitiyak... Basta ang alam ko, mahal na mahal ko s'ya...

ESMERALDA
Taga-lantsa s'ya...

ESTER
Taga-lantsa rin ang tatay mo...

ESMERALDA
Kaya nga... Iniwan ng tatay ko ang nanay ko...

ESTER
Sabi ng nanay mo, iba ang tatay mo sa nobyo ko...

ESMERALDA
Naniniwala ka?...

ESTER
Ikaw hindi?...

Hindi makakasagot si ESMERALDA. Tanging ang daluyong ng mga alon ang ingay na mauulinigan.

FAST CUT TO:

23. <u>INT. BAHAY NINA ESMERALDA. MADALING-ARAW.</u>

Sisilipin ni ESMERALDA si NANAY LUPE. Nahihimbing na ang ina niya. Lalapit siya sa kinahihigan nito at aayusin niya ang kumot nito. Masuyo niyang hahalikan sa noo ang ina at saka aalis.

Hindi alam ni ESMERALDA na gising pala si NANAY LUPE.

FAST CUT TO:

24. <u>EXT. DAUNGAN. TANGHALI.</u>

Muling nakadaong ang batel o lantsang pangisda na sinakyan ni ESMERALDA.

Isa sa mga pasaherong bumababa si **FIDEL**. Nasa 30 taong gulang. Makisig siya at mukhang mayaman. Mayroon din siyang kaunting dala-dalahan.

Si FIDEL ang lalaki sa larawan sa wallet ni ESMERALDA.

Lalapit si FIDEL sa ilang nagtitinda sa may daungan.

FIDEL
P'wedeng magtanong?...

Ngingiti ang nagtitinda.

May ipapakitang picture si FIDEL sa tindera. Picture iyon ni ESMERALDA.

FIDEL
Kilala n'yo 'to?...

FAST CUT TO:

25. <u>EXT./INT. BAHAY NILA ESMERALDA. TANGHALI/SAME DAY.</u>

Nagluluto si ESMERALDA. Halos handa na ang tanghalian. Walang daing na nakahain.

Makakarinig si ESMERALDA ng gulo o ingay sa labas ng bahay. Paglabas niya, makikita niya si FIDEL. Halatang hindi niya inaasahan ang lalaki.

Katulad dati, nagkakagulo o nagkakaingay ang mga nakikiusyoso.

FIDEL
Aren't you surprised to see me?...

Bago pa man mapapasok ni ESMERALDA si FIDEL, darating naman si NANAY LUPE.

Lalapit si NANAY LUPE sa lalaki.

NANAY LUPE
Sino ka?...

FIDEL
Si FIDEL po... FIDEL MONTINOLA...

NANAY LUPE
Sino ka nga?... Anong kailangan mo sa anak ko?...

FIDEL
Anak n'yo si---

NANAY LUPE
Oo, anak ko si ESMERALDA... Sino ka nga?...

Nakaabang ang mga usyusero.

FIDEL
Mano po, Inay...

Magtatata si NANAY LUPE

FIDEL
Ako po ang asawa ng anak n'yo...

Magbubulungan ang mga usyusero.

FAST CUT TO:

26. <u>INT. BAHAY NI NANAY LUPE. TANGHALI/SAME DAY.</u>

Nakaharap sa pagkain ang tatlo.

Magkatabi sina ESMERALDA at FIDEL. Nasa kabilang dulo naman ng mesa si NANAY LUPE.

Nakatingin lang si NANAY LUPE sa mga inihanda ni ESMERALDA.

NANAY LUPE
(Kay FIDEL.)
Kelan kayo kinasal ng anak ko?...

ESMERALDA
Nanay, hindi kami kasal...

Matitigilan si NANAY LUPE.

FIDEL
Live-in po... Almost three years na...

NANAY LUPE
Lib-in?...

Tatango si FIDEL.

FIDEL
Nagsasama po...

NANAY LUPE
Ng hindi kasal?...

FIDEL
Sa Manila po, okey ang live-in... Parang trial marriage...

NANAY LUPE
(Kay ESMERALDA.)
Pumayag ka?...

ESMERALDA
Mabuting tao naman si FIDEL, Nanay...

FIDEL
Malinis po ang intension ko sa anak ninyo...

NANAY LUPE
Kung malinis ang intensyon mo sa anak ko, pinakasalan mo sana s'ya...

ESMERALDA
Nanay, ako ang ayaw magpakasal...

Katahimikan.

NANAY LUPE
Kayo na lang ang kumain...
ESMERALDA
Niluto ko 'to para sa inyo?...

NANAY LUPE
Para sa 'kin o sa lalaki mo?...

ESMERALDA
Hindi ko alam na susunod s'ya rito...

NANAY LUPE
Hindi ko rin alam na may lalaki ka...

ESMERALDA
Nanay, kumain na tayo...

NANAY LUPE
Daing lang ang kinakain ko...

FAST CUT TO:

27. <u>EXT. BAHAY NILA ESMERALDA. TANGHALI/SAME DAY</u>

Nagbibilad ng daing si NANAY LUPE. Pinagkukumpulan siya ng mga usyuserong kapitbahay.

KAPITBAHAY 1

Hindi sila kasal?...

KAPITBAHAY 2
Naku, gano'n pala sa Menila...

KAPITBAHAY 3
E, LUPE, baka naman buntisin lang ang ESMERALDA mo...

KAPITBAHAY 1
Aba, kung mabubuntis 'yan, pareho pa kayo?...

KAPITBAHAY 2
Mana-mana lang 'yan?...

KAPITBAHAY 3
Kumakain ba ng daing ang taga-Menila?...

Magtatawanan ang mga kapitbahay.

Mag-iinit si NANAY LUPE. Kakabigin niya ang pinagbibilaran. Titilapon ang mga daing.

Matatameme ang mga kapitbahay.

NANAY LUPE
Hindi kumakain ng daing ang taga-Maynila!...

FAST CUT TO:

28. <u>EXT. BAHAY NILA ESMERALDA. GABI.</u>

Nasa labas ng bahay sina ESMERALDA at FIDEL.

FIDEL
Bakit hindi ka nagpaalam?...

ESMERALDA
Hindi mo hawak ang buhay ko...

FIDEL
Asawa kita...

ESMERALDA
Ka-live-in... Hindi asawa...

FIDEL
Kasal na lang ang kulang...

ESMERALDA
Kapag kasal na tayo, saka mo ako ituring na asawa...

FIDEL
Ikaw ang ayaw magpakasal...

ESMERALDA
Sinabi ko na sa ‘yo, di ako naniniwala sa kasal...

FIDEL
Ba’t ka nakikisama sa ‘kin?...

ESMERALDA
Mahal kita...

FIDEL
Mahal mo ako, tapos ‘di mo ako mapakasalan...

ESMERALDA
Tama...

FIDEL
P’wede ba ‘yon?...

ESMERALDA
P’wede... Gano’n tayo, ‘di ba?...
FIDEL
Ano ba ang kinatatakot mo?...

Lalayo si ESMERALDA.

ESMERALDA
Ngayon alam mo na kung saan ako galing?...

FIDEL
Come on... Don’t give me that crap...

ESMERALDA

You came here to slap it on my face...

FIDEL
You should know me better...

ESMERALDA
I know you that better...

FIDEL
Kung gano'n talaga ang balak ko, sana kanina pa ako nawala...
I'm here because I want to win you back... No matter what...

ESMERALDA
Kailan ba ako naging sa 'yo?...

FAST CUT TO:

29. <u>INT. BAHAY NILA ESMERALDA. HATINGGABI.</u>

Nakayakap si FIDEL kay ESMERALDA. Nahihimbing na sila.

Mula sa pintuan ng silid, nakasilip si NANAY LUPE.

FAST CUT TO:

30. <u>EXT. BAHAY NILA ESMERALDA. UMAGA.</u>

Nagsasalansan ng daing sa kaing si NANAY LUPE.

Mula sa bahay, lalabas si FIDEL.

FIDEL
Magandang umaga po...

Hindi kikibo si NANAY LUPE.

FIDEL
Nasaan po kaya si ESMERALDA?...

NANAY LUPE
Asawa mo, 'di mo mabantayan?...

FIDEL
Wala na po s'ya sa tabi nang magising ako...

NANAY LUPE
Maliit ang pulo... Hanapin mo...

Halatang mapapahiya si FIDEL. Papasok na sana siya nang biglang sumpungin si NANAY LUPE ng pananakit ng sikmura.

Mapapaluhod si NANAY LUPE sa tindi ng sakit. Tutulungan siya ni FIDEL.

FAST CUT TO:

Nakahiga na si NANAY LUPE.

Nakabantay si FIDEL.

FIDEL
Nagpatingin na po ba kayo sa doktor?...

Iiling si NANAY LUPE.

FIDEL
Bakit 'di kayo magpatingin?...

NANAY LUPE
Walang doktor dito...

Matatawa si FIDEL. Mapapangiti rin si NANAY LUPE.

Sa pintuan ng silid, nakasilip si ESMERALDA.

FAST CUT TO:

31. INT. BAHAY NI TIYA MINA. HAPON.

Si BARBARA ang magbubukas ng pintuan kina ESMERALDA at FIDEL.

ESMERALDA
Kamusta ka na?...

BARBARA
Mabuti na...

ESMERALDA
Si TIYA MINA?...

BARBARA
Nakipaglibing...

ESMERALDA
Sino ang namatay?

BARBARA
'Di niya sinabi sa 'yo?...

Iiling si ESMERALDA.

Titingnan ni BARBARA si FIDEL.

BARBARA
Asawa mo?...

ESMERALDA
Si FIDEL...

Ngingiti si FIDEL.

BARBARA
Taga-Maynila ka?...

Tatango si FIDEL.

FAST CUT TO:

32. EXT./INT. BAHAY NILA TIYA MINA. HAPON/SAME DAY.

Nakadungaw sa may bintana sina ESMERALDA at TIYA MINA. Nasa kusina naman sina FIDEL at BARBARA. Tila masaya silang naghuhuntahan.

TIYA MINA
Biyudo na siya...

ESMERALDA
Anong balak mo?...

TIYA MINA

‘Di ko alam... Litong-lito ako...
ESMERALDA
Nag-usap ba kayo?...

Tatango si TIYA MINA.

TIYA MINA
Gusto niyang magsama kami...

ESMERALDA
Dito?...

TIYA MINA
Sa malayo... Sa walang nakakakilala sa amin...

ESMERALDA
Pumayag ka?...

TIYA MINA
Wala akong naisagot...

ESMERALDA
Sino pa ang inaalala mo?... Wala na si Lola...Pababayaan ka naman siguro ni Nanay...

TIYA MINA
Ewan ko... Parang ‘di ko kaya... Ano ang sasbihin ng mga tao?...

ESMERALDA
Malayo na nating s’yang kamag-anak...

TIYA MINA
Kadugo pa rin nating s’ya...

Saglit na katahimikan.

ESMERALDA
Kaligayahan mo ang isipin mo...

FAST CUT TO:

33. <u>EXT. DAUNGAN. GABI.</u>

Naglalakad na pauwi sina ESMERALDA at FIDEL. Maabutan nilang may nagkakagulo sa daungan. Isang babae and nagwawala. May kaaway o inaaway. Makikilala ni ESMERALDA ang inaapi ng babae. Si ESTER.

BABAE
Haliparot ka!... Ang bata-bata mo pa, ang kiri mo na!... Asawa ng may asawa, kinakalantari mo pa... Walanghiya ka!...

Nakasadlak na sa buhanginan si ESTER, halos hindi makalaban sa galit na galit na babae. Putok na ang labi niya at gulong-gulo ang buhok marahil sa pananabunot. Nasira na rin ang damit niya.

Magmamadaling lapitan ni ESMERALDA si ESTER. Tutulungan niya ang dalagita.

Susunod si FIDEL.

Aawayin ng babae si ESMERALDA.

BABAE
Ba't mo tinutulungan ang babaeng 'yan?...Kinukunsinti mo ang kalandian n'yan?...

Babalingan ni ESMERALDA ang babae. At saka bibitawan ang isang malakas na bigwas. Bagsak ang babae. Hiwayan ang mga nakikiusyoso.

Sa gilid, ngumingisi-ngisi lang ang asawa ng babae. Parang nagmamalaki pang pinag-aagawan siya.

FAST CUT TO:

34. <u>EXT. BAHAY NILA ESMERALDA. GABI.</u>

Maabutan nila ESMERALDA at FIDEL na naghahain si NANAY LUPE. Kasama nilang papasok sa bahay si ESTER. Halatang nabugbog ang dalagita.

NANAY LUPE
Anong nangyari?...

ESTER
May asawa pala s'ya...

Pauupuin nila si ESTER. Tuluyan itong mapapahagulgol.

Kukuha ng maliit na palanggana si NANA LUPE. Lalagyan iyon ng mainit na tubig. Kukuha siya ng bimpo at sisimulang punasan si ESTER.

ESMERALDA
Anong balak mo ngayon?...

ESTER
Mahal ko siya... Mahal na mahal...

Magtatama ang tingin ng mag-ina. Kapwa sila hindi makakaimik.

FAST CUT TO:

35. <u>EXT. BAHAY NILA ESMERALDA. UMAGA.</u>

Maabutan ni TIYA MINA na nagwawalis ng bakuran si NANAY LUPE. Titigil sa pagwawalis si NANAY LUPE nang mapuna sa may tarangkahan si TIYA MINA.

TIYA MINA
Magpapaalam ako...

NANAY LUPE
Saan ka pupunta?...

TIYA MINA
Nagpasya na ako...

NANAY LUPE
Sasama ka sa kan'ya?...

TIYA MINA
Mahal ko pa rin s'ya...

NANAY LUPE
Ngayon ka pa papasok sa gulong 'yan?...

TIYA MINA
Matagal na akong nagtiis...

NANAY LUPE
'Yon nga, nagtiis ka na... Ngayon mo pa ba babalewalain ang lahat...

TIYA MINA

Nagsakripisyo ako para sa pag-ibig... Gusto ko namang lumigaya...

NANAY LUPE
'Di mo inisip ang sasabihin ng iba...

TIYA MINA
Siguro, panahon na sarili ko namang ang isipin ko...

NANAY LUPE
Nagkamali na ako... 'Wag ka nang tumulad pa...

TIYA MINA
Buhay ko, 'to, Ate...

NANAY LUPE
Sana 'di ka na nagpaalam...

Sa may bintana, nakadungaw pala si ESMERALDA.

FAST CUT TO:

36. EXT. BAHAY NILA TIYA MINA. HAPON.

Nagbabalot ng mga gamit si TIYA MINA. Nakamasid si BARBARA.

TIYA MINA
Ingatan mo ang bahay ko...

BARBARA
Sasama ako sa 'yo...

TIYA MINA
Ibang buhay ang papasukin ko...

BARBARA
Basta, sasama ako...

TIYA MINA
'Di ako sa Maynila pupunta...

BARBARA
Kahit pa...

TIYA MINA
Paano ang pangarap mo?...

Hindi makakasagot si BARBARA.

Dumating na si ESMERALDA.

TIYA MINA
Ayoko nang magpaliwanag...

ESMERALDA
Pumunta ako rito hindi para humingi ng paliwanag...

Maiiyak si TIYA MINA. Yayakap siya kay ESMERALDA.

ESMERALDA
Naalala mo noong nagbabalak akong lumayas?... Ang sabi mo, 'wag akong matakot na puntahan ang lugar na 'di ko pa nararating... Paliwanag mo, ang mahalaga marating ko 'yon... At kung 'di ako masaya, isipin ko lang, na p'wede naman akong bumalik... Sa mga mahahalagang desisyon ko, sabi mo, sa sarili ko lang dapat ako managot...

Hihigpit ang yakap ni TIYA MINA kay ESMERALDA. Sa mukha niya, mababakas ang kapanatagan.

FAST CUT TO:

37. <u>EXT. DAUNGAN. UMAGA.</u>

Kasama ni TIYA MINA sina ESMERALDA at BARBARA. Hinihintay nila ang paparating na batel o lantsa.

Ilang kakilala nila ang mapaparaan at magtatanong kung saan pupunta sina TIYA MINA. Wala siyang masagot.

Saglit pa, darating ang minamahal niya. Kasama nito ang lima nitong anak na maliliit pa. Sa paghaharap na iyon, magiging malinaw ang lahat para kay TIYA MINA.

Aalis si TIYA MINA nang hindi man lang nagpapaalam. Mabilis siyang susundan nina ESMERALDA at BARBARA.

Maiiwang nagtataka ang lalaki at mga anak nito.

Kumuyog ang mga tao. Paparating na ang batel o lantsa. Sa pagdating nito sa dalampasigan, wala nang bakas ni TIYA MINA.

FAST CUT TO:

38. <u>EXT. BAHAY NILA TITA MINA. SAME DAY.</u>

Tatakbo sa lababo si TIYA MINA. Maghihilamos. Saglit pa, darating ang mga nakabuntot na sina ESMERALDA at BARBARA.

ESMERALDA
Anong nangyari?...

TIYA MINA
Hindi ko kayang umalis...

ESMERALDA
Akala ko mahal mo s'ya...

Tatango si TIYA MINA.

TIYA MINA
Pero mas mahal ko ang sarili ko...

Ngingiti si ESMERALDA.

Padabog naman na lalabas ng bahay si BARBARA.

FAST CUT TO:

39. <u>EXT. BAHAY NILA ESMERALDA. HAPON.</u>

Isang kapitbahay ang humahangos sa bahay nila ESMERALDA. May nangyari raw kay ESTER. Si NANAY LUPE ang lalabas at hahangos na susunod sa kapitbahay.

FAST CUT TO:

40. <u>EXT./INT. BAHAY NILA ESTER. HAPON/SAME DAY.</u>

Nagkukumpulan ang mga tao. Papasok sa buhay si NANAY LUPE. Nakahiga sa sahig si ESTER. Duguan ang pulso ng dalagita. Naglaslas daw.

NANAY LUPE
Ba't kailangan mong gawin 'to?...

ESTER
Mahal ko s'ya, NANAY LUPE...

FAST CUT TO:
41.<u>EXT. BAHAY NILA ESMERALDA. GABI.</u>

Nasa silid niya si NANAY LUPE.

Papasok si ESMERALDA.

ESMERALDA
Kakain na tayo...

NANAY LUPE
Hindi ako nagugutom...

ESMERALDA
Maghapon na kayong hindi kumain...

NANAY LUPE
Pabayaan mo ako...

ESMERALDA
Nag-aalala lang ako...

NANAY LUPE
Kung nag-aalala ka, 'di ka na sana bumalik dito...

ESMERALDA
Anong ibig n'yong sabihin...

NANAY LUPE
Simula nang bumalik ka, naligalig na ang buhay ng mga tao rito...

ESMERALDA
Bumalik ako para kunin kayo...

NANAY LUPE
Bumalik ka para ipamukha sa ‘kin na kaya mo na kaming paikutin sa mga kamay mo...

ESMERALDA
Nagkakamali ka...

NANAY LUPE
Hindi ako nagkakamali... Malinaw na ang lahat...

ESMERALDA
Malinis ang intensyon ko...

NANAY LUPE
Ang t’yahin mo, bigla na lang binalewala ang lahat... Kinalimutan ang lahat ng sinakripisyo niya...Tinalikuran ang pamilya niya...

ESMERALDA
Malaya si TIYA MINA na gawin ang anumang gusto niya...Buhay n’ya ‘yon...

NANAY LUPE
Si ESTER nagtangkang magpakamatay dahil sa bulag na pag-ibig na ‘yan... Kung ‘di mo siya kinauap, matino pa rin sana ang takbo ng pag-iisip niya...

ESMERALDA
Hindi ko matuturuan ang puso ni ESTER...

Patlang.

ESMERALDA
Kinausap ko siya dahil gusto niya ng kausap...

Patlang ulit.

NANAY LUPE
Kailan ka ba aalis?...

ESMERALDA

Aalis ako kapag maayos na ang lahat...

(May pagmamatigas sa tinig niya.)
Kapag natanggap n'yo ko muli bilang anak...

NANAY LUPE
Ikaw ang gumulo sa lahat... Nang lumayas ka at kinalimutan ako, wala na akong kinilalang anak...

Mangingilid ang luha ni ESMERALDA.

Darating si FIDEL.

FIDEL
Is everything alright?...

Tatango si ESMERALDA.

ESMERALDA
Usapan naming itong mag-ina... Leave us...

Magkikibit-balikat si FIDEL.

NANAY LUPE
Pati asawa mo, kaya mong paikutin...

ESMERALDA
Anong karapatan n'yong pagsabihan ako ng gan'yan?... Nagkaroon ba kayo ng asawa?... Hindi ba nabuntis lang kayo ng isang taga-lantsa?...

Matatahimik si NANAY LUPE.

ESMERALDA
Kayo ba ang tinukso ng putok sa buho?... Kayo ba ang naghangad ng isang pamilyang buo?... Kayo ba ang nagtiis mabuhay sa walang-kuwentang pulong 'to?... Kung umalis man ako, 'yon ay dahil gusto kong magkaroon ng kabuluhan ang buhay ko...

Lumuluha na si NANAY LUPE.

ESMERALDA

Hindi n'yo alam ang tiniis ko para mabuhay sa Maynila... Ang pinagdaanan ko... Ginawa ko ang lahat para ipagmalaki n'yo ako bilang anak at bilang babae...

NANAY LUPE
Sumbatan mo ako... Alam kong ito naman talaga ang pagkakataong hinihintay mo...Ano pa ba naman ang hindi ko masisikmura?... Ang hindi ko matatanggap?... Oo, nabuntis ako... Pero ang pagkakamaling iyon ay pinagsikapan kong ituwid... Binigyan kita ng buhay na sa tingin ko ay tama...

Lumuluha na rin si ESMERALDA.

ESMERALDA
Walang buhay dito sa pulo...

NANAY LUPE
Ikaw, ESMERALDA... Ikaw ang buhay ko...

Tuluyang mapapahagulgol si NANAY LUPE.

Maaantig si ESMERALDA sa sinabi ng ina. Aanyo siyang yayakap pero iiwas iyon.

Kukunin ni NANAY LUPE ang regalong ibinigay ni ESMERALDA. Nakapatong iyon sa ibabaw ng lumang baul. Ibabalik niya iyon sa anak.

NANAY LUPE
Hindi ko kailangan ng anumang regalo...Sa baul na ito, --- sa baul na ito, nandito ang lahat ng mga bagay na mahalaga sa akin...

Bubuksan ni NANAY LUPE ang lumang baul. Tatambad kay ESMERALDA ang laman niyon. Halos mapuno na iyon ng mga sigay at maliliit na kabibe --- ang tanging mga bagay sa pulong iyon na mahalaga sa kaniya.

NANAY LUPE
Isa sa bawat araw na wala ka rito ang pinupulot ko...

(Tuluyang mapapahagulgol.)
Ang alaala mo lang ang nagbibigay sa akin ng lakas at ng pag-asang mabuhay...

Hindi pa rin makapaniwala si ESMERALDA.

NANAY LUPE
Ngayon, ano pa ang kahulugan ng mga ‘yan?...

FAST CUT TO:

42. <u>EXT. DALAMPASIGAN. HATINGGABI.</u>

Marahas ang paghampas ng mga alon sa dalampasigan. Madilim ang langit at tila hindi mapanatag ang karagatan.

INTERCUT TO:

Isa-isang isinasalansan ni TIYA MiNA ang mga damit niya. Saglit pa, matatapos na siya. Wala nang laman ang bag na gagamitin sana niya sa pag-alis.

INTERCUT TO:

Nakaharap sa salamin si BARBARA. Pagmamasdan niya ang sarili. Sa likuran niya, siksikan ang mga natutulog niyang kapatid. Sa isang mahabang bangko, humihilik ang ama niya.

INTERCUT TO:

Ilalabas ni ESTER ang mga larawang kasama niya ang taga-lantsa. Masuyo niyang pagmamasdan ang bawat isa. Saglit pa, isa-isa niyang pupunitin ang mga iyon.

INTERCUT TO:

Nahihimbing na si FIDEL sa tabi ni ESMERALDA. Gising na gising naman ang babae, tila nakatuon ang tingin sa kisame.

Sa dibdib ni ESMERALDA, nakapatong ang regalo para sa ina. Bubuksan niya iyon. Isang singsing ang makikita natin. Isang malaki, makinang na esmeralda ang bato nitong palamuti.

INTERCUT TO:

Bubuksan ni NANAY LUPE ang lumang baul.

Pagmamasdan ni NANAY LUPE ang mga sigay at kabibe. Hahawakan niya ang isang sigay.

Saglit pa, maririnig niya ang tinig ni ESMERALDA noong bata pa ito. Lumalakas tinig. Nakikipaglaro ang bata sa alon at hangin.

Sisilay ang ngiti kay NANAY LUPE.

INTERCUT TO:

Papasikat na ang araw habang nahihimbing ang pulo. Panatag ang mga alon na humahalik at bumabati sa dalampasigan.

FAST CUT TO:

43. <u>EXT. BAHAY NILA ESMERALDA. UMAGA.</u>

Sumisigaw sa sakit si NANAY LUPE. Dadaluhan ang matandang babae nina ESMERALDA at FIDEL.

Nakahandusay na sa sahig si NANAY LUPE. Sa unang pagkakataon, ipapakita ni NANAY LUPE ang kahinaan sa anak. Maiiyak siya sa sakit.

NANAY LUPE
'Di ko na kaya ang sakit... 'Di ko na kaya...

Yayakapin ni ESMERALDA ang ina.

ESMERALDA
Dadalhin kita sa Maynila... Ipapagamot kita...

NANAY LUPE
'Wag kang umalis... 'Wag mo 'kong iwan, anak...

ESMERALDA
'Di na ako aalis... 'Di kita iiwan...

Tatayo si FIDEL. Lalayo sa mag-ina.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Maraming bagay ang hindi ko na kailangang ipaliwanag kay FIDEL... Tila alam niyang sa sandaling iyon ay wala na siyang magagawa... Anuman ang sakit na dapat pawiin, anuman ang agam-agam na dapat harapin, alam niyang wala na siyang

kinalaman doon... Nang yakapin ko ang aking ina, natiyak kong marunong pa pala akong magmahal...

FAST CUT TO:

44. <u>EXT. DAUNGAN. UMAGA.</u>

Sumasakay na ang mga pasahero sa nakadaong na batel o lantsa. Nagpapaalam si NANAY LUPE kay TIYA MINA, BARBARA, at ESTER.

TIYA MINA
Pagbalik mo, Ate, ikuwento mo ang Maynila...

BARBARA
Piktyur, ha... Dapat may piktyur...

ESTER
At dapat, may balita na sa apo mo NANAY LUPE...

Aakbay si FIDEL kay ESMERALDA.

FIDEL
Imbitado kayo sa kasal...

ESMERALDA
Kasal?...

FIDEL
'Di ba, pakakasal na tayo pagbalik natin?...

Iiling si ESMERALDA. Makailang ulit. Pero nakangiti siya. Matamis at may giliw.

FAST CUT TO:

45. <u>EXT. DAUNGAN. UMAGA/SAME DAY.</u>

Sakay na ng batel o lantsa sina ESMERALDA, FIDEL, at NANAY LUPE. Uugong ang hudyat. Paalis na. Hahawak si NANAY LUPE kay ESMERALDA.

NANAY LUPE
Sa unang pagkakataon, aalis ako sa pulo...

ESMERALDA

‘Wag kang mag-alala, Nanay, kasama mo ang iyong esmeralda...

Yayakap si NANAY LUPE kay ESMERALDA.

FAST CUT TO:

46. EXT. DAUNGAN. UMAGA/SAME DAY.

Umaalis na ang batel o lantsa. Sa dalampasigan, kumaway sina TIYA MINA, BARBARA, at ESTER.

FAST CUT TO:

47. MONTAGE

Uusad ang kuwento sa pagtatagni-tagni ng mga sumusunod:

a. Pababa ng piyer sina NANAY LUPE. Mababakas ang ligaya niya. Sa unang pagkakataon, makakatapak siya sa kapatagan.

b. Sa hospital, sari-saring examination ang ginagawa kay NANAY LUPE.

c. Ipinapaliwanag kay ESMERALDA at FIDEL ang resulta ng mga pagsusuri kay NANAY LUPE.

FAST CUT TO:

48. EXT./INT. BAHAY NINA FIDEL. HAPON.

Ipapakita ni ESMERALDA at FIDEL ang bahay niya kay NANAY LUPE. Hindi siya makapaniwala sa naipundar ng anak at ng mapapangasawa nito.

FAST CUT TO:

49. INT. BAHAY NINA FIDEL. HAPON/SAME DAY.

Papasok sila sa isang silid. Maaantig si NANAY LUPE. Ang mga lumang larawan nila sa pulo ay maayos na naka-frame at nakapalamuti sa kabuuan ng silid.

ESMERALDA
Ito ang magiging silid ninyo...

FIDEL
Tiyak, ‘di n’yo na ma-mi-miss ang isla...

Ngingiti si NANAY LUPE.

NANAY LUPE.
Kapag gumaling ako, babalik ako sa pulo...Mas gusto ko roon... Anuman ang mangyari, bumalik na ang esmeralda ko...

Aabutin ni NANAY LUPE ang kamay ni ESMERALDA.

Mapupuna natin na suot ni NANAY LUPE ang singsing na regalo sa kaniya ni ESMERALDA. Sa daliri ni NANAY LUPE, buhay na buhay ang bato.

Tuluyang magyayakap ang mag-ina.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Sa aking pagbabalik, mas naging buo ako bilang isang anak, babae, tao...

FAST CUT TO:
50. <u>EXT/INT. SA PULO. DAY.</u>

Isang bata na naman ang isisilang. Si TIYA MINA ang huhugot sa kaniya sa sinapupunan.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Kay TIYA MINA, natuklasan ko ang mas malalim na kahulugan ng buhay... Kailan man, hindi siya magiging ina pero alam kong sa bawat sanggol na ilalabas niya sa sinapupunan ay ituturing niyang kaniya... Wala mang anak na tatawag sa kaniyang ina, paulit-ulit niyang babalikan ang una nilang mga pag-uha...

FAST CUT TO:
51. <u>EXT/INT. SA PULO. DAY.</u>

Ikinakasal si BARBARA kay GABRIEL. Tuwang-tuwa ang ama at mga kapatid ni BARBARA. Sa paglabas nila sa simbahan, alam nating liligaya ang buhay nila sa pulo.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)

Kay BARBARA ko nakita ang luma kong sarili... Itinuring kong dayo ako sa pulo at ipinalagay na ang buhay sa Maynila ay mas may kahulugan... Pero katulad ko, natuto siyang magpahalaga sa taong minamahal... Sa mundong ito, mayroon tayong kabiyak... Tanging pag-ibig lamang ang sa atin ay magbubuklod, sa pulo man o sa Maynila...

FAST CUT TO:
52. <u>EXT. SA PULO. DAY.</u>

Nagbibilad ng daing si ESTER lumapit sa kaniya ang lalaking taga-lantsa. Muli siyang susuyuin pero hindi na tatalab iyon.

Iiling si ESTER at hahayaang tuluyang lumayo ang lalaki.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Kay ESTER, na minsang binulag ng pag-ibig, nakita ko ang kapalaluhan ng mga maling desisyon... Mga pagpapasyang walang puso, walang pagmamahal sa sarili... Sa pagbangon niya, nagkaroon ng pag-asa ang mga babae sa pulo...

FAST CUT TO:
53. <u>EXT. SA PULO. DAY.</u>

Babalikan natin ang batang babae sa SEQUENCE 3/MONTAGE D. Magiging parang kuha ito ng isang video camera. Nakahubad ang batang babae at hahangos sa dalampasigan at tuwang-tuwang sasalubong sa mga alon.

Tututok tayo sa pagbakas ng mga yapak niya sa pinong-pinong buhangin. Saglit pa, makikita natin si NANAY LUPE at tinatawag ang apo.

Sa ibang bahagi, makikita natin si ESMERALDA. Masayang nakamasid.

Malalaman nating si FIDEL pala ang kumukuha ng video. Itutuon niya ang lente kay ESMERALDA.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Ilugpo ng sakit si Nanay... Kanser sa matris... Pero hindi kami lumuha... Sa puso namin, hindi siya nawala...

FAST CUT TO:

54. <u>EXT. SA PULO. DAY.</u>

Nag-aalay ng bulaklak si ESMERALDA sa puntod ni NANAY LUPE.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Nang araw na mamayapa si Nanay, inisip ko ang dalampasigan...Itinuring ko siyang alon... Maaaring magpaalam pero pasasaan ba't babalik rin sa pinagmulan...

FAST CUT TO:

Papalubog na ang araw at namamaalam na sa dalampasigan.

ESMERALDA
(VOICE-OVER)
Hind pala mahirap bumalik sa mundong minsan nating pilit tinakasan...

W A K A S